


Mga paraan para bayaran ang iyong mga bayarin

Kapag lumipat ka sa isang bagong lugar, hindi aabutin nang matagal bago magsimulang dumating ang mga bayarin.

Maaari kang magbayad ng ilang bayarin gaya ng upa, mga utilidad, at iba pang mga bayarin kada buwan. Maaari ka ring magkaroon ng isang-beses na bayarin, gaya ng security deposit kapag umupa ka ng apartment.

Sa karamihan sa mga kaso, mayroon kang isa o higit pang opsyong mapagpipilian mo para bayaran ang mga bayarin. Makakatulong sa iyo ang listahan sa ibaba na maunawaan ang iba't ibang opsyon sa pagbabayad at ang mga bentaha at disbentaha ng mga ito. Ang pag-alam sa kung paano gumagana



ang mga ito ay makakatulong sa iyong maiwasan ang ilang singil, kabilang ang mga singil sa nahuli o nakaligtaang pagbababayad.

Money order

Depinisyon	Mga kapakinabangan	Mga panganib
Maaaring gamitin ang money order sa halip na tseke. Maaari kang bumili ng isang money order para magbayad sa isang negosyo o iba pang partido.	<ul style="list-style-type: none">▪ Madaling maunawaan.▪ Maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo.▪ Walang personal na impormasyon sa bangko ag nakasulat sa money order	<ul style="list-style-type: none">▪ Maaaring hindi kumbinyente dahil kailangan mong bumili ng money order, mula sa isang bangko o credit union, post office, o retail na tindahan.▪ Mga singil para bumili ng money order at selyo para ipakoreo ang pagbabayad.▪ Maaaring mahirap mapatunayan ang pagbabayad maliban kung nasa iyo ang resibo ng money order at resibo ng pagbabayad.▪ Gaya ng cash, mahirap o imposibleng mabawi ang mga pondo kung ito ay nawala o ninakaw.▪ Hindi mo dapat kalimutang bayaran ang bayarin sa bawat pagkakataong kailangan itong bayaran (hindi awtomatiko).

Tseke

Depinisyon	Mga kapakinabangan	Mga panganib
<p>Ang mga tseke ay mga form na pinupunan mo para bayaran ang isang bagay mula sa isang checking account sa isang bangko o credit union.</p> <p>Sinusulat mo sa tseke ang halaga at pangalan ng tao o kumpanyang gusto mong bayaran. Lumalabas ang halaga sa iyong checking account kapag idineposito o nai-cash ito ng tao o kumpanyang nakatanggap nito.</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Kumbinyente sa oras na mag-set up ka ng iyong account sa bangko o credit union at humiling ng checkbook. Maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo. ▪ Madaling mapatunayan ang kabayaran kung may tumutol. ▪ Nananatili ang pera sa checking account hanggang sa magsulat ka ng tseke at naideposito na ang tseke. ▪ Hindi kagaya ng cash, kung nawala o ninakaw ang tseke o may kumopya ng iyong pirma, mayroon kang proteksyon para sa perang nasa account mo. Gayunpaman, maaaring mahirap pahintuin ang tseke kung agad na idineposito ito ng taong nakatanggap nito. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Kung babayaran mo ang mga bayarin sa pamamagitan ng tseke nang walang sapat na pera sa iyong account, maaaring magpataw ng mga singil sa iyo ang bangko. Maaari ka ring mapatawan ng singil ng kumpanyang sinusubukan mong bayaran. ▪ Hindi mo dapat kalimutang bayaran ang singil gamit ang tseke sa bawat pagkakataong dapat itong bayaran (hindi awtomatiko). ▪ Magbabayad ka ng gastos sa selyo para ipadala ang kabayaran. ▪ Kailangan mong ipadala ang iyong tseke bago kailangang dapat bayaran ang bayarin upang matiyak na darating ito bago ang takdang petsa

Awtomatiko o direct debit

Depinisyon	Mga Kapakinabangan	Mga Panganib
<p>Ibinibigay mo sa tagabenta o tagapagkaloob ng serbisyo (halimbawa, ang iyong cell phone provider o kumpanya ng utilidad) ang impormasyon ng iyong checking account at kinukuha nila ang mga pondo mula sa iyong account sa bawat pagkakataong kailangang bayaran ang bayarin (halimbawa, kada buwan).</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Kumbinyente, nakakatipid sa oras, at libre. ▪ Maaari kang magbayad ng mas mababang singil sa interes para sa mga loan kung magbabayad ka sa pamamagitan ng awtomatikong debit. ▪ Ginagawang madali ang pagbabayad ng mga bayarin na madalas at hindi nagbabago. ▪ Binabawasan ang pagkakataong mahuli – sa oras na mai-set up ito, awtomatiko na ito. ▪ May karapatan kang wakasan ang mga awtomatikong pagbabayad. ▪ Madaling mapatunayan ang kabayaran kung may tumutol. ▪ Kung nagbabago kada buwan ang bayarin, maaari kang makatanggap ng abiso bago gawin ang pag-transfer para mabayaran ang bayarin. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Kung binabayaran mo ang mga bayarin sa pamamagitan ng awtomatikong debit nang walang sapat na pera sa iyong account, maaari magpataw sa iyo ng mga singil ang bangko. Maaari ka ring mapatawan ng singil ng kumpanyang sinusubukan mong bayaran. <p>Babala: Kapag nag-set up ka ng mga awtomatikong debit, maaaring hindi sinasadyang magastos mo ang mahigit sa kung ano ang mayroon ka. Upang mapahinto ang awtomatikong pag-withdraw, makipag-ugnayan sa tagabenta at sa bangko mo.</p>

Pagbabayad ng bayarin online

Depinisyon	Mga kapakinabangan	Mga panganib
Ibinibigay mo sa iyong bangko ang impormasyon ng tagabenta o tagapagkaloob ng serbisyo, at nagbabayad ang bangko alinsunod sa halaga o iskedyul na nai-set up mo.	<ul style="list-style-type: none">▪ Kumbinyente at nakakatipid sa oras.▪ Ginagawang madali ang pagbabayad ng mga bayarin na madalas at hindi nagbabago.▪ Maaari kang pumili sa pagitan ng isang-beses na pagbabayad kada billing cycle o mag-set up ng mga nauulit (awtomatiko) na pagbabayad gamit ang mga online na serbisyo sa web ng iyong bangko o credit union.▪ Binabawasan ang pagkakataong mahuli– sa oras na mai-set up ito, awtomatiko na ito.▪ Madaling mapatunayan ang kabayaran kung may tumutol.▪ Madaling mapahinto ang hindi nilalayan o maling pagbabayad.	<ul style="list-style-type: none">▪ Inaabot ng ilang panahon para mai-set up at matutunan.▪ Kung binabayaran mo ang mga bayarin online nang walang sapat na pera sa iyong account, maaaring magpataw sa iyo ang bangko ng mga singil. Maaari ka ring mapatawan ng singil ng kumpanyang sinusubukan mong bayaran.▪ Kung nag-set up ka ng mga nauulit na pagbabayad at nagbabago ang halaga, maaari kang magbayad ng maling halaga. Kung magbabayad ka ng mas mababa sa buong halaga ng bayarin, maaaring kailanganin mong magbayad ng mga singil.

Cash

Depinisyon	Mga Kapakinabangan	Mga Panganib
Ang cash ay ang perang hawak mo.	<ul style="list-style-type: none">▪ Madalas na walang singil na nauugnay sa direktang pagbabayad ng cash sa kumpanya kung babayaran nang buo ang pagkakautang na halaga. Sa pagbili o paggamit ng espesyal na produkto gaya ng money order o mga prepaid card ay maaaring gumastos ng pera.▪ Kapag gumamit ka ng cash, wala kang naiipong utang.▪ Walang panganib sa labis na pagkuha sa iyong account.	<ul style="list-style-type: none">▪ Hindi lahat ng bayarin ay mababayaran gamit ang cash.▪ Maaaring hindi kumbinyente at magastos ang pagbiyahe sa kumpanya para personal na magbayad.▪ Maaaring mahirap mapatunayan ang pagbabayad maliban kung nakakuha ka ng resibo.▪ Mahirap o imposibleng mabawi ang cash kung ito ay nawala o ninakaw.▪ Hindi mo dapat kalimutang bayaran ang bayarin sa bawat pagkakataong kailangan itong bayaran (hindi awtomatiko).

Credit card

Depinisyon	Mga kapakinabangan	Mga panganib
<p>Pinahihintulutan ka ng credit card na humiram ng pera hanggang sa inaprubahang credit limit. Magbabayad ka ng interes maliban kung babayaran mo ang buong halaga kapag kailangan nang bayaran ang bayarin. Maaari kang patawan ng iba pang mga singil batay sa mga tuntunin ng credit card. Kailangan mong bayaran ang kahit pinakamababang kabayaran kada buwan upang maiwasan ang mga singil sa nahuling pagbabayad. Upang mabawasan ang interes na ipinataw sa iyo, kailangan mong magbayad ng mas higit pa sa pinakamababang halaga ng kabayaran.</p>	<ul style="list-style-type: none">▪ Maaaring gumamit ng credit card para bayaran ang mga bayarin sa telepono o online.▪ Madaling mapatunayan ang kabayaran kung may tumutol.▪ Pinoprotektahan ka sa pagbabayad ng ilan o lahat ng singil kung ninakaw o nawala ang iyong card o impormasyon at iniulat mo ang pagnanakaw.▪ Maaaring i-set up para awtomatikong mabayaran ang mga nauulit na bayarin.▪ Maaaring makatulong sa pagbuo ng credit history kung nagbabayad ka sa oras at hindi umaabot ang paggasta iyong credit limit.	<ul style="list-style-type: none">▪ Mas magastos kaysa sa pagbabayad sa pamamagitan ng cash o tseke, kung hindi mo mabayaran nang buo ang balanse ng credit card kada buwan. Kung nalipat ang balanse mo sa sumunod na buwan, kailan mong magbayad ng interes.▪ Gumagawa ng panibagong bayaring kailangan mong bayaran.▪ Gumagawa ng utang—humihiram ka ng pera para bayaran ang mga bayarin at iba pang mga bagay.▪ Maraming uri ng bayarin ang hindi mababayaran sa pamamagitan ng credit card.

Mga Tip





1. Gumawa ng listahan ng iyong mga bayarin at ng mga itinakdang petsa ng pagbabayad, at ilagay ang mga ito sa isang kalendaryo nang sa gayon ay madali mong makikita kung kailan dapat magbayad.
2. Ang ilang creditor ay nagpapahintulot sa iyong pumili ng araw sa buwan na mababayaran mo ang iyong bayarin.
3. Anuman ang paraang pinili mo sa pagbabayad ng iyong mga bayarin, subaybayan ang pagpasok at paglabas ng iyong pera. Makakatulong ito sa iyong maiwasan ang mga singil.

Tungkol sa amin

Ang Kawanihan ng Proteksyong Pinansyal para sa Mamimili (CFPB) ay isang ahensyang pang-ika-21 siglo na nagpapaganap at nagpapatupad ng batas na pinansyal para sa mamimili at tinitiyak na ang mga merkado para sa produktong pinansyal para sa mamimili ay patas, malinaw, at may kumpitensya.

Alamin pa sa consumerfinance.gov

Kumonekta sa amin

-  Magsampa ng reklamo
consumerfinance.gov/complaint
-  Ibahagi ang iyong istorya
consumerfinance.gov/your-story
-  Magtanong sa CFPB
consumerfinance.gov/askcfpb
-  Ibahagi ang iyong saloobin
facebook.com/cfpb
twitter.com/cfpb